

MGA HAMON NG MGA MAG-AARAL SA BLENDED LEARNING

STUDENT CHALLENGES IN BLENDED LEARNING

¹MIQUE I. COCA, ²ANGEL F. MONTECINO, ³LEIZEL JOY C. DABALOS

Isang Pananaliksik na Iniharap sa College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Bilang Bahagi ng Pagsasakatuparan ng mga Kinakailangan sa FILI 9ED

ABSTRACT

Ang blended learning ay isang makabagong paraan na pinagsama ang digital at tradisyunal na pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang mga hamon ng mga mag-aaral sa *blended learning* sa taong panuruan 2022-2023. Ito ay isinagawa sa Misamis University sa mga mag-aaral ng edukasyon. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay labindalawang mag-aaral sa kursong edukasyon na pinili sa pamamagitan ng *convenience sampling*. Gumamit ng gabay na katanungan na sariling gawa ng mananaliksik sa panayam. Ginamit ang *voice recorder* sa panayam. Ang mga datos ay sinuri gamit ang pamamaraan ni Moustaka. Ang pag-aaral na ito ay nagbunga ng sumusunod na tema: (1) kawalan ng koneksyon sa internet; (2) kakulangan ng kagamitang panteknolohiya; (3) kahirapan sa pagpasa ng mga aralin. Natuklasan na ang blended learning ay nagdulot ng matinding hamon sa mga mag-aaral. Inirerekomenda na suriin ang antas ng partisipasyon at interaksyon ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng kanilang pag-aaral, maging ito ay *online* o face-to-face.

KEYWORDS: blended learning, internet, experience, pandemic, technology.

1. PANIMULA

Taong 2020 lumaganap ang Covid-19 virus na kalaunan ay naging pandemya na nagpabago sa buhay ng mag-aaral. Ang sektor ng edukasyon ang pinakanaapektuhan kaya ipinatupad ang *blended learning*. Ang *blended learning* ay ang istilo ng pag-aaral na pinaghahalo ang mga digital at tradisyunal na paraan ng pagtuturo (Gonzales, 2020). Nagbibigay ito ng pagkakataon upang maging aktibo sa intekrasyon ang mga mag-aaral (Clavero, 2022). Malaking hamon din para sa mga mag-aaral ang paraan kung paano gamitin ang *blended learning* upang maitaya ang kanilang pagkatuto (Cabigao, 2021).

Hindi sang-ayon ang mga guro at mag-aaral sa konsepto ng *blended learning*. Para sa mga mag-aaral sa kolehiyo, isang malaking hamon ang manatili lamang sa kanilang tahanan at mag-aral gamit ang *internet* (Picardal 2022). Ang pagkakaroon ng *blended learning* sa paraan ng pagtuturo ay nagdulot ng kalituhan sa mga mag-aaral. Gayunpaman, natuklasan sa pag-aaral ni Zeqiri (2021), na nagbibigay kasiyahan ang *blended learning* sa mga mag-aaral, na nagresulta sa magandang pagganap sa klase. Mas nakatutulong ang pagpapatupad ng blended learning sa tagumpay ng mga mag-aaral, lalo na sa kanilang akademikong pagganap (Utami 2018).

Sa kasalukuyan, maraming hamon ang kinakaharap ng mga mag-aaral sa *blended learning*. Isa sa problema ay ang kawalan ng koneksyon o signal sa *internet*. Sa mga liblib na lugar, imposible na makakuha ng signal para makapag-aral sa *blended learning*. Ang iba ay umaakyat sa bundok o sa matataas na lugar para lang makakuha ng maayos na signal (Vercide, 2022). Natuklasan naman sa pag-aaral ni Junio (2022), na hindi matuturuan ang mga mag-aaral at hindi makapasok kung walang sapat na koneksyon sa *internet*. Dagdag pa nito, nagdulot ng problema ang ganitong pag-aaral sapagkat ang mga mag-aaral ay hindi sanay sa ganitong sistema ng edukasyon. Nakababagot ang *blended learning* sapagkat hindi aktibo ang interaksyon ng mga mag-aaral kumpara sa normal na klase (Zilyonaryo, 2020).

Sa kasagsagan ng pandemya ay maraming bansa ang nagpatupad ng *blended learning*. Sa pag-aaral sa Columbia, nagsasaad na ang *blended learning* bilang paraan ng pag-aaral ay nakatutulong sa tagumpay at paglago ng mag-aaral sa akademikong kasanayan (Turpin, 2018). Sa kursong agham mula sa Nigeria, isinaad na ang *blended learning* ay nagbigay ng positibong pananaw sa mga mag-aaral (Olatunde & Adams, 2022). Ang pag-aaral na *blended learning* ay nagbigay kasiglahan sa mga mag-aaral na nagresulta sa pagtaas ng kanilang marka. Gayunpaman sa pag-aaral na isinagawa ni Zeqiri et al., (2021) sa Macedonia, ang *blended learning* ay nagbigay motibasyon sa mga mag-aaral na nagresulta ng magandang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Natuklasan sa tatlong pag-aaral sa Turkey na may magkaibang opinyon hinggil sa *blended learning*. Ayon kay Eryilmaz (2019), ipinahayag ng mga mag-aaral na mas epektibo para sa kanila ang *blended learning* kaysa sa tradisyonal na *face-to-face* na pag-aaral. Sa isa pang pananaliksik nina Saritepeci at Cakir (2019), napansin na ang paggamit ng *blended learning* ay nagdudulot ng makabuluhang pag-angat sa antas ng pag-unlad ng mga mag-aaral kumpara sa *face-to-face* na klase. Gayunpaman, ayon kina nina Akkoyunlu at Soylu (2018), hindi napansin ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng tagumpay ng mga mag-aaral sa pagitan ng *blended learning* at *face-to-face* na pag-aaral.

Sa Pilipinas, kinakaharap ng mga guro at mag-aaral ang maraming pagsubok sa implementasyon ng *blended learning*. Ayon sa isang pagsusuri sa Sorsogon, mahirap ang proseso ng *blended learning*, lalo na sa mga malayo at hindi gaanong binibisita na lugar sa bansa, kung saan ang sapat na koneksyon sa *internet* ay mahirap makuha (Dimas et al., 2022). Isa pang hamon ay ang pagbabago ng mga unibersidad sa modernong paraan ng pag-aaral. Sa isang pagsusuri sa Biliran, napatunayan na ang mga mag-aaral ay handa nang makipagsanayan sa bagong istilo ng pagtuturo ng unibersidad sa ilalim ng *blended learning* (Picardal, 2022). Sa pagsusulong ng bagong disenyo ng pagtuturo, inaasahan ang mga pamantasan na patuloy na magsanay at makipag-ayos sa sistema ng *blended learning* (Dimasacat & Cacho, 2021).

Sa Misamis University Ozamis City, naobserbahan ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagpapatupad ng *blended learning*. Ninanais ng mga mananaliksik na malaman ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa kursong edukasyon sa implementasyon ng *blended learning*. Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang hamon ng mga mag-aaral sa *blended learning*.

Teoretikal na Balangkas

Ang mga sumusunod ay mga teorya na pangunahing pinagbabatayan ng pag-aaral na ito: Teoryang *Constructivism* ni John Dewey (1933), Teoryang *Online Learning Through Technology* nina De Vera, Rosales at Villanueva (2008).

Ang *Constructivism* ni John Dewey (1933) ay naglalayong ituring ang pag-aaral bilang proseso ng personal na pagkatuto at pagbuo ng kahulugan mula sa sariling mga karanasan. Ayon sa konsepto ng *Constructivism* ni John Dewey, ang isang tao ay nagbibigay ng kahulugan at kumikilos batay sa kanyang sariling isipan dahil siya ay nagpapakita ng kakayahang sa pagsusuri at pagsasanib ng impormasyon, at naglilikha ng representasyon ng tunay na imahe batay sa kanyang mga natutunan.

Ang mga mag-aaral ay natututo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bagong impormasyon sa kanilang dating kaalaman (Bada, 2015). Ito ay nagsasaad na itinataguyod ng mga tao ang kanilang sariling pang-unawa at kaalaman ng mundo, sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga bagay at pagsusuri sa mga karanasang iyon (Bereiter, 1994).

Nakabatay ang pananaliksik sa teoryang *Constructivism* dahilang mga mag-aaral ay nakabuo ng kanilang sariling pagpapakahulugan gamit ang kanilang mga dating kaalaman at karanasan. Ito'y kanilang ginamit at naiugnay sa mga gawain, pasalita man o pasulat. Bukod pa rito, ang mga mag-aaral ay inaasahang aktibong makikilahok sa mga pangkatang gawain, nilalayan nitong mapaunlad ang kanilang interaksyon at partisipasyon sa kanilang kapwa mag-aaral.

Ang teoryang *Online Learning through Technology* ni De Vera, Rosales, at Villanueva (2008) ay naglalaman ng konsepto hinggil sa interaksyon ng mga mag-aaral sa konteksto ng modernong edukasyon na naglalayong gamitin ang teknolohiya. Ito ay nagsusuri kung paano nakakatulong ang teknolohiya sa pagsasanib ng guro at mag-aaral, at kung paano ito nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura. Ang interes ng mga mag-aaral ay nagiging mas matindi kapag malinaw sa kanila ang konsepto ng interaksyon, na nagiging pundasyon sa kanilang akademikong tagumpay (Livingstone, 2012).

Ang konsepto ng online learning through technology ay naglalarawan ng pagsasanay sa edukasyon gamit ang modernong teknolohiya. Ito ay isang teorya na nagbibigay paliwanag kung paano nakakaapekto ang teknolohiya sa larangan ng edukasyon (Payton, 2022). Binibigyang diin din dito kung paano maaaring gamitin at idisenyo ang teknolohiya upang lumikha ng bagong pagkakataon sa pag-aaral at itaguyod ang epektibong pag-aaral (He, 2022).

Nakabatay ang pananaliksik na ito sa teoryang *Online Learning Through Technology* dahil ito ay nagsilbing balangkas ng pag-aaral upang mas mapatotohanan ang pag-aaral na ito. Sa panahon ngayon, maraming tao na ang may alam sa teknolohiya. Talamak na rin ang paglaganap ng teknolohiya sa buong mundo. Dahil dito, mas napapadali na ang mga gawain at naimpluwensyahan na nito ang sistema ng edukasyon.

Konseptuwal na Balangkas

May iba't ibang hamong kinakaharap ang mga mag-aaral sa pagpapatupad ng *blended learning*. Sa pag-aaral na ito, natukoy ng mga mananaliksik na ang kawalan ng koneksyon sa internet, kakulangan ng kagamitang panteknolohiya at kahirapan sa pagpasa ng mga aralin ay ang mga hamong naranasan ng mga mag-aaral sa blended learning.

Ang kawalan ng koneksyon sa internet ay nagpapawalang gana sa mga mag-aaral na magpatuloy sa kanilang pag-aaral. Napatunayan ni Galit (2022) ang isa sa mga dahilan kung bakit naaapektuhan nang malaki ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay dahil sa mahinang *internet connection* na humahantong sa pagliban sa klase. Ito ang karanasan ng mga mag-aaral sa *online class* na naging dahilan sa pagkakaroon ng kakulangan sa pagkatuto. Ayon naman sa Department of Information and Communication Technology (2017) patuloy na bumababa ang koneksyon sa buong mundo na lalong nagpapahirap sa mga Pilipinong mamamayan lalo na ngayon na halos lahat ng tao sa buong mundo ay gumagamit ng internet. Samakatuwid, ang kawalan ng koneksyon ay nagpapabagal sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang kagamitang panteknolohiya ay tumutukoy sa mga kagamitang ginagamit sa *blended learning* kagaya ng *smartphones* at *laptop*. Ang kakulangan sa kagamitang ginagamit ng mga mag-aaral ay nagpapabagal sa pagkatuto dahil sa panahon ng *blended learning*, umaasa lang ang mga mag-aaral sa mga gadgets na gagamitin sa klase. Ayon sa pag-aaral ni Dindo Matining (2021), maraming mga mag-aaral ang nagsabing kawalan ng *gadgets* ang problemang naranasan nila sa *blended learning*. Dagdag pa nito, ang mga impormasyong kakailanganin at gagamitin sa pag-aaral ay hindi na makukuha lalo na ang pagkatuto ay makukuha sa *online class* at face-to-face na klase.

Ang kahirapan sa paghabol ng mga aralin ay isa sa suliranin ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Ang paghati ng oras ay kinakailangan ng mga mag-aaral na may maraming responsibilidad na kailangang harapin. Ayon kay Macasio (2020), kapag maraming aralin ang kailangang tapusin nang sabay-sabay, maaaring mabawasan ang oras na maaring ilaan sa bawat asignatura. Ito ay maaaring makaapekto sa kalidad ng mga gawain at resulta ng pag-aaral. Ang pagsasabay-sabay ng mga aralin ay maaaring magdulot ng kalituhan sa isipan ng mga mag-aaral. Kapag may kailangang matutunan nang sabay-sabay, maaaring magkaroon ng kaguluhan o pagkakalito sa mga konsepto at impormasyon (Ellis & Knaus, 2017).




Figura 1. Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

Layunin ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang mga hamon ng mga mag-aaral sa *blended learning* ng Misamis University.

2. PAMAMARAAN

Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na gumamit ng *phenomenological* na disenyo. Ang *phenomenology* ay nagbibigay-halaga sa pakikipag-ugnayan at karanasan ng mga tao (Ponty, 1945). Sa pamamagitan nito ay matutukoy ng mga mananaliksik ang karanasan ng mga mag-aaral ng edukasyon tungkol sa blended learning ng Misamis University.

Pananaliksik na Pangkapaligiran

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Kolehiyo ng Edukasyon ng Misamis University. Ito ay isang pribado at non-sectarian na institusyon na itinatag nina Dr. Hilarion Feliciano at Doña Maria Mercado Feliciano noong 1929. Ang Pamantasan ng Misamis, kabilang ang College of Education ay isang ISO 9001: 2015 Management System Certified na ipinagkaloob ng Det Norske Veritas-Germanischer Lloyd Business Assurance. Ginawaran ang pamantasan ng Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation (PACUCOA) bilang isa sa mga institusyon na may pinakamataas na bilang ng mga accredited programs.

Kalahok ng Pananaliksik

Ang partisipante sa pag-aaral na ito ay labindalawang (12) mag-aaral mula sa kursong edukasyon na pinili sa pamamagitan ng *convenient sampling*, 3 partisipantekada taonmula 1st year hanggang 4th year na nasa iba't ibang programa: ang Bachelor of Elementary Education (BEED), Bachelor of Secondary Education (major in English, Filipino, Science, Mathematics at Social Studies) sa College of Education ng Misamis University. Ang mga kalahok ay pinili dahil sila ang mga mag-aaral na may bakanteng oras sa panahon ng pangangalap ng datos.

Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos

Ginamit ng pag-aaral na ito ang sumusunod na instrument sa pananaliksik:

A. Gabay na Katanungan sa Mga Hamon ng mga Mag-aaral sa Blended Learning

Ang mga kalahok na mag-aaral ay nakapanayam tungkol sa kanilang karanasan sa *blended learning*. Sa pag-aaral na ito, ang gabay na katanungan ay sariling gawa ng mga mananaliksik. Ang talatanungan ay sumailalim sa pagpapatunay mula sa mga guro at partikular na mga guro sa Filipino.

Ang panayam sa *phenomenological* na proseso ay nakapokus sa pagpapakahulugan sa mga karanasan (Marshall & Rossman, 1999). Sa pagsuri sa mga impormasyon, ginamit ang pag-aanalisa sa datos ng kwalitatibong pananaliksik ni Moustaka kung saan inorganisa ang mga datos at inihanda sa pagrerebyu, ang mga datos na naitala ay ginawan ng mga tema at binigyan ng interpretasyon. Ang lahat ng panayam ay inirekord upang masunod ang esensya ng datos na nagbigay ng isang tumpak at detalyadong paliwanag sa proseso ng panayam.

Pagtitipon ng mga Datos

Bago ang panayam at pagtitipon ng mga datos ay hingi muna ang permiso mula sa Dekano ng College of Education Misamis University, Ozamiz City para sa pagsagawa ng pag-aaral. Pagkatapos maaprubahan ang liham ng kahilingan ay ginamit ng mga mananaliksik ang gabay na katanungan upang makuha ang datos sa mga hamon ng mga mag-aaral tungkol sa *blended learning*.

Isang harap-harapang panayam ang ginamit sa pag-aaral para malinaw ang sagot ng mga kalahok. Dagdag pa nito, upang mabalikan ang mga sagot ng kalahok ay ginamit ang *voice recorder*. Ang orihinal na wika na ginamit ng tagapanayam ay isinalin sa wika na ginamit sa pananaliksik.

Sa pangangalap ng datos ay sinunod ang *interview protocol* at ang mga tanong ay hindi limitado. Bilang isa sa mga katangian ng *phenomenological interviews*, tinanong ang mga kalahok sa pag-aaral kung ano ang mga hamong hinarap nila sa pagpapatupad ng *blended learning*. Ang mga tala sa obserbasyon ng mananaliksik sa panayam ay kinolekta at isinali sa nakalap na datos. Ang mga kalahok ay binigyan ng katiyakan sa pagiging kumpidensyal ng mga datos, at ipinaliwanag na maaari silang tumigil anumang oras o kadahilanan. Ang mga tugon ng mga kalahok ay isinaayos gamit ang *HyperRESEARCH software* upang mabuo ang mga tema. Ang mga tema ay sinuri ng mga mananaliksik.

Mga Isinasaalang-alang na Etika

Ang mga partisipante ay boluntaryong nakilahok sa proyektong ito na isinagawa ng mananaliksik mula sa Misamis University. Ang mga pangalan ng partisipante ay hindi naitala sa alinman sa mga materyal na ginamit sa pangangalap ng datos. Ang mga talaan ng pag-aaral na ito ay nanatiling pribado at kumpidensyal. Ang pagalang sa dignidad ng mga kalahok sa pananaliksik ay binibigyang prayoridad. Ang paghingi ng pahintulot ay nakuha mula sa mga kalahok bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang proteksyon ng pagkapribado ng mga kalahok sa pananaliksik, sapat na antas ng pagiging kumpidensyal ng datos ng pananaliksik at pagkawala ng lagda ng mga indibidwal at mga organisasyon na lumahok sa pananaliksik ay iniwasan. Sa anumang uri ng ulat na maaaring mailimbag, walang impormasyon ang isasama na maging posible upang makilala ang mga kalahok.

Pag-aanalisa ng Datos

Ang pamamaraan ni Moustaka sa pag-aanalisa ng datos ang ginamit sa pag-aaral na ito. Pagkatapos mabasa ang tugon ng pangalawang beses para masuri ng mananaliksik ang datos, ang lahat ng ito ay babasahin muli upang matukoy ang konsepto na mahalaga sa pananaliksik. Pagkatapos ng inisyal na pagsusuri, ang mga sumusunod na hakbang ay susundin:

Horizontalization ay isasagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na importansya sa bawat tugon at pagbibigay ng deskripsyon. Sunod ay ang pagtatanggal at pagbawas sa mga tugon na walang kaugnayan sa mga balakid na nararanasan ng mga partisipante. Ang prosesong ito ay naglalaman ng pagtatanong kung ang mga tugon ba ay esensyal sa pag-unawa sa mga karanasan o ito ba ay maaaring mai-label.

Clustering o ang pagtitipon-tipon ay gagawin sa mga tugon, at bawat kategorya ay magkakaroon ng tema. Ang hakbang na ito ay uulit-ulitin hanggang sa ang mga kategoryang naitipon ay makabuo ng isang tema tungkol sa mga karanasa sa blended learning.

Ang pinakahuli ay ang pagtutukoy sa mga tema sa pamamagitan ng pagbasa muli para magkaroon ng beripikasyon ang mga ito galing sa tugon na magkaugnay na ibinahagi ng mga partisipante. Ang mga temang ito ay gagamitin para makabuo ng indibidwal at pangkalahatang istrukural, at tekstural – istrukural na deskripsyon na esensyal at mahalaga sa pag-aaral.

3. RESULTA AT DISKUSYON

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa *blended learning*. Ang mga nakuhang datos sa pananaliksik na ito ay mula sa labindalawang (12) mag-aaral sa College of Education, 3 partisipantekada taonmula 1st year hanggang 4th year na nasa iba't ibang programa: ang Bachelor of Elementary Education (BEED), Bachelor of Secondary Education (major in English, Filipino, Science, Mathematics at Social Studies). Ang pag-aaral na ito ay nagbunga ng sumusunod na tema: (1) Kawalan ng Koneksyon sa Internet; (2) Kakulangan sa Kagamitang Panteknolohiya;(3) Kahirapan sa Pagpasa ng mga Aralin.

Kawalan ng Koneksyon sa Internet

Ang mahinang internet koneksyon ay isa sa mga hamon na hinarap ng mga mag-aaral sa *blended learning*. Walang *internet connection* na siyang magsisilbing tulay upang maging epektibo ang pagkakaroon ng klase. Naging mahirap para sa mga mag-aaral ang mawalan ng koneksyon lalo na sa mga lugar na mahina ang *signal*. Narito ang mga naibahaging panayam ng mga kalahok sa pagsisiyasat na ito.

“Mahirap po dahil paminsan – minsan ay wala pong internet sa aming bahay.” (P10)

“Walang kuryente minsan at hindi po ako nakakapagdata sa aming lugar.” (P5)

“Naging absent ako sa klase o di kaya’y late dahil hindi po ako makapasok on time kapag walang internet koneksyon.” (P3)

Hindi lahat ng mag-aaral ay may maayos na koneksyon sa *internet* kaya nahihirapan na maging epektibo ang *online learning system*. Nagreresulta ito sa pagliban ng mga mag-aaral sa klase kaya mas lalo silang nahihirapan. Natuklasan din sa pag-aaral ni Amhads (2020), na karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa *blended learning* lalo na sa mga hindi maunlad na lokasyon kaya hindi kaya ng mga mag-aaral ang pumasok sa klase.

Bukod dito, nagiging mahirap ang partisipasyon ng mga estudyante sa klase dahil sa kakulangan ng koneksyon sa *internet*. Ayon sa isang pagsusuri ni Fabito et al. (2020), lumilitaw na isa sa mga hamon sa *online learning* ang kawalan ng maayos na koneksyon sa *internet*, na nagsisilbing tulong para sa pagiging epektibo ng klase. Ang interaksyon sa pagitan ng guro at estudyante ay nauurong dahil sa hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng dalawang panig. Kapag walang koneksyon sa *internet*, nawawalan ng pagkakataon ng pagkakatagan ang mga mag-aaral na makilahok sa klase, kasama na rito ang pagtatanong at pakikilahok sa mga talakayan (Aboagye et al., 2021).

Ang pagkakaroon ng *internet connection* ay isang pangunahing pangangailangan para sa mabisang pagtuturo sa klase. Ito ay nagbibigay daan sa maayos na pagdaloy ng talakayan at pagkatuto ng mga mag-aaral. Mahalaga na maunawaan na ang kakulangan sa koneksyon sa *internet* ay nananatiling malaking sagabal sa epektibong pag-aaral. Kinakailangang maging masusing tugunan ang nasabing isyu at gawing komprehensibo upang tiyakin na lahat ng mag-aaral ay matamo ang de-kalidad na edukasyon.

Kakulangan sa Kagamitang Panteknolohiya

Isa sa mga hamon na hinarap sa *blended learning* ay ang kakulangan sa kagamitang panteknolohiya. Ang pagkakaroon ng hindi sapat na kagamitan katulad ng *smartphones* at *laptop* ay nagreresulta sa hindi magandang daloy ng talakayan sapagkat sa kasagsagan ng pandemya ay kinakapos ang mga tao sa pera. Hindi makabili ng mga *gadgets* na gagamitin sa klase kaya hindi naging madali para sa mag-aaral ang kakulangan ng kagamitan. Ito ang sinabing karanasan ng mga mag-aaral batay sa panayam na isinagawa.

“Wala akong laptop at sira ang aking cellphone para makapasok sa klase kaya nahihirapan talaga akong makipag-ugnayan sa lahat.” (P2)

“Wala ako masyadong ginagamit na pang klase. Lag ang aking cellphone at ang aking laptop ay medyo luma na at hindi ako agad makabili dahil wala kaming pangbili nito.” (P5)

“Syempre mahirap talaga minsan nanghhihiram nalang ako sa nanay o kapatid ko ng cellphone para lang makapasok sa klase dahil sobrang hirap at hindi madali. Umiiyak nalang ako dahil hindi makasagot at hindi nakakapag-pass ng mga takdang-aralin.” (P6)

Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa kakulangan ng mga kagamitan na kanilang gagamitin sa klase. Bagaman tayo ay nasa panahon kung saan ang mga teknolohikal na instrumento at kagamitan ay madali nang makuha, may ilan pa rin na hindi ito nasasakupan, na nagdadagdag ng hamon sa daloy ng klase (Siddiquah & Salim, 2017). Sa *blended learning*, ang pag-aaral ng mga mag-aaral ay nakadepende sa mga *smartphones o laptop* na kanilang ginagamit sa pagpasok sa klase (Apuke & Ivendo, 2018).

Sa katunayan, ang kawalan ng kinakailangang gadyet para sa *blended learning* ay nagiging hadlang para sa maraming mag-aaral. Ito ay lalong nagiging mahirap para sa mga estudyante na walang kakayahang bumili ng mga kagamitang ito, na nagreresulta sa pagiging mas mahirap ng kanilang karanasan sa klase. Ang walang sariling *laptop o desktop computer* at mayroong limitadong koneksyon sa *internet* (Cleofas & Rocha, 2021).

Mahalaga ang pagkakaroon ng sapat na kagamitang gagamitin sa pagpasok sa klase upang masiguro ang pagkakaroon ng kalidad na edukasyon. Nagbibigay ang kagamitan ng kawastuhan sa paghahatid ng leksyon sa klase. Ang mga gadyet ay gumaganap na isang mahalagang papel sa pagpapadali sa *blended learning*. Ito ang nagsisilbing tulay upang mapagbuti ang pagpapalitan ng impormasyon at interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro. Upang tumaas ang interes ng mga mag-aaral ay kinakailangang mabigyan sila ng sapat na kagamitan at mapaunlad ang kanilang kaalaman sa pag-aaral.

Kahirapan sa Pagpasa ng mga Aralin

Sa tuluyang pagbabago ng panahon, maraming mga mag-aaral ang nahirapan sa *blended learning*. Isa sa mga hamong naranasan ng mga mag-aaral sa *College of Education* ay ang kahirapan sa pagpasa ng mga aralin lalo na kung sabay-sabay. Maraming mga asignatura ang nagsabay-sabay kaya naman nahihirapan ang mga mag-aaral kung ano ang uunahin at iprayorodad. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

“Hindi ko gaanong matutuhan ang lahat ng kanilang mga aralin na itinuturo lalo na’t nagkakasabay – sabay ang pagbibigay ng iba’t ibang gawain sa kanilang mga aralin, hindi ko tuloy nakayanan na makahabol pa sa mga paksang tinalakay” (P9)

“Minsan ako ay tumutulong sa gawaing bahay dahil ang mga magulang ko ay busy sa paghahanap – buhay matustusan lamang ang aming pangangailangan, at dahil dito mas pinipili kong lumiban muna sa klase para makatulong sa mga gawaing bahay” (P11)

“Ang mga pagsubok ko sa blended learning ay kung paano hahatiin ang aking oras sa aking pamilya at saka sa aking pag-aaral. (P1)

Ang labis na gawain sa paaralan o bahay ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng hindi aktibong partisipasyon sa klase. Ayon kay Gatchalian (2018), kung matatambakan at magkakasabay-sabay ang iba’t-ibang asignatura kahit gaano pa man kaganda ang matatanggap na resulta ay hindi maiiwasan na malula ang mga mag-aaral at malito sila kung ano ang uunahin. Gayunpaman, mahalagang isaalang-alang ng guro ang kasapatan na makukuhang kaalaman ng mag-aaral para sa huli, hindi ito bumagsak sa klase (Lunenberg, 2014).

Ang isang buong araw na klase ay nagdudulot ng pagod sa mga mag-aaral (Oxford Learning 2016). Kapag sobra ang dami ng araling-bahay, pwedeng huminto na lang ang mga mag-aaral at magpahinga. Dahil sa pagod at sa dami ng gawain, nawawala ang mga benepisyo ng mga aktibidad at nagsisimula nang bumaba ang mga marka. Ayon kay Nucum (2018), patuloy na nagiging suliranin ang pagbabalanse ng mga gawain at trabaho sa bahay, na nagiging sanhi ng pagkawala ng interes ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Ang kahirapan sa pagpasa ng mga aralin lalo na kung sabay-sabay ay isa sa mga hamong naranasan ng mga mag-aaral. Nahihirapan sila sa pagpapasya kung alin ang kanilang uunahin, dahil sunud-sunod ang mga gawain na itinuturo ng mga guro. Ito ay nagdudulot ng posibilidad na mahuli sila sa klase. Dagdag pa rito, kailangang asikasuhin pa ng mga mag-aaral ang mga gawain sa bahay, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pagod. Ang mga ganitong suliranin ay mahalaga at kailangang bigyan ng pansin, lalo na’t nakakaapekto ito sa kakayahan ng bawat mag-aaral na maunawaan ang mga aralin. Isa ito sa mga dahilan kung bakit may mga mag-aaral na nakakakuha ng mababang marka.

4. BUOD, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON

Buod

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga hamon ng mga mag-aaral sa *blended learning*. Ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na gumagamit ng *phenomenological* na disenyo. Labing dalawang mag-aaral ng *College of Education*, Misamis University Ozamis Cityang lumahok sa pag-aaral na ito at pinili sa pamamagitan ng *convenient sampling*. Ang mga mag-aaral ay kinapanayam gamit ang mga gabay na katanungan. Ang panayam ay isinagawa sa harap harapang interbyu gamit ang *voice recorder*. Upang makuha ang resulta mula sa nakuhang mga datos ito ay sinuri gamit ang *phenomenology* ni Moustaka. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng isang *qualitative statistical software* na tinatawag na *HyperRESEARCH* upang suportahan ang pagsusuri ng mga datos.

Mga Natuklasan

Batay sa mga datos na nakuha, natuklasan ng mga mananaliksik ang mga hamon ng mga mag-aaral sa *blended learning*:

1. Ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng problema dahil sa kakulangan ng koneksyon sa *internet* sa kanilang *online* na klase. Hindi sila makakapasok dahil wala silang koneksyon na nagbibigay daan sa kanilang makalahok at makisali sa mga klase. Dagdag pa nito ang ang pagkuha ng koneksyon sa *internet* ay isang malaking hadlang lalo na sa mga liblib na lugar.
2. Ang mga mag-aaral ay nahihirapan dahil sa kakulangan ng mga teknolohikal na kasangkapan na kanilang kailangan para makalahok sa kanilang *online* na klase. Dahil dito, hindi sila makakapasok sa kanilang klase dahil wala silang sapat na kagamitan upang makasunod sa *online learning*.
3. Nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsusumite ng kanilang mga aralin *online* dahil hindi agad nila naiintidihan ang takbo ng diskusyon, lalo na kung madalas silang lumiban sa klase dahil sa kanilang mga gawain sa bahay na kinakailangang unahin.

Konklusyon

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:

1. Ang mga mag-aaral sa edukasyon ay nakaranas ng kawalan ng koneksyon sa *internet* na nagreresulta ng hindi pagpasok sa *online* na klase.
2. Hindi lahat ng mag-aaral ay mayroong kagamitang panteknolohiya para sa *blended learning*. Ito ay hadlang sa kanilang pag-aaral, na naging sanhi ng pagkakaroon ng kakulangan sa impormasyon, at pagkahuli sa mga aralin.
3. Ang *blended learning* ay nagiging suliranin para sa mga mag-aaral, lalo na kung hindi nila nagagawa ang kanilang mga gawain, dahil hindi sila nakasama sa nakaraang diskusyon. Ito ay maaaring magdulot ng mababang marka dahil sa kakulangan ng partisipasyon, at kadalasan ay dahil sa mga gawain sa bahay na kailangang unahin.

Rekomendasyon

1. Upang mapanatili ang ugnayan ng mga mag-aaral, maaari nilang ipagpatuloy ang kanilang dedikasyon sa pag-aaral kahit na may pandemya. Hindi lamang ito nakakatulog sa kanilang kasalukuyang kalagayan, kundi nagbibigay din ito ng positibong epekto sa kanilang hinaharap, maging personal man o propesyunal na aspeto ng buhay.
2. Ang mga guro ay maaaring gumawa ng hakbang, aksyon, o tulong upang tugunan ang kakulangan sa kagamitan ng kanilang mga mag-aaral, layunin na mapalakas ang kanilang suporta at maibigay ang edukasyon na may mataas na kalidad.
3. Para sa mga magulang, inirerekomenda na gabayan ang kanilang mga anak sa kanilang pag-aaral at mahigpit na suportahan sa kanilang mga gawain kaugnay ng kanilang akademikong tagumpay.
4. Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda na suriin ang antas ng partisipasyon at interaksyon ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng kanilang pag-aaral, maging ito'y *online* o *face-to-face*.

REFERENCES

1. Abante News Today. (2021). Internet, gadget sakit ng ulo sa distance learning. *Abante | Una Sa Balita*. <https://www.abante.com.ph/2021/04/25/internet-gadget-sakit-ng-ulo-sa-distance>
2. Aboagye, E., Yawson, J. A., & Appiah, K. N. (2020). COVID-19 and E-Learning: The Challenges of Students in Tertiary Institutions. *Social Education Research*, 2(1), 1–8. <https://doi.org/10.37256/ser.212021422>
3. Akkoyunlu, B. & Soyulu, M. Y. (2006). A Study on Students' Views On Blended Learning Environment *Turkish Online Journal of Distance Education*, 7 (3), 43-56. Retrieved from <https://dergipark.org.tr/en/pub/tojde/issue/16925/176657>

4. Alay, S. & Kocak, S. (2003). The relationship between the time management of the university students and the academic achievements, the theory and practice. *Egitim Yonetimi Magazine*, 35, 326-335
5. Cleofas, J. V., & Rocha, I. C. N. (2021). Demographic, gadget and internet profiles as determinants of disease and consequence related COVID-19 anxiety among Filipino college students. *Education and information technologies*, 26(6), 6771–6786. <https://doi.org/10.1007/s10639-021-10529-9>
6. De Mesa, A. R. (2022, April). *Pinagdaanang karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha ng deficiency sa online class*. Researchgate. https://www.researchgate.net/publication/359983318_Pinagdaanang_karanasan_ng_mga_magaaral_na_nakakuha_ng_deficiency_sa_online_class
7. Dimas, V., Desaliza, L., Gabito, K., & Mae, J. (2022, April). *Modular Learning Modality: Karanasan ng mga Mag-Aaral Mula sa mga Liblib na Lugar sa Bayan ng Juban*. Researchgate. https://www.researchgate.net/publication/359858801_Modular_Learning_Modality_Karanasan_ng_mga_MagAaral_Mula_sa_mga_Liblib_na_Lugar_sa_Bayan_ng_Juban_Modular_Learning_Modality_Experiences_of_Students_Residing_in_Far-flung_Areas_in_the_Municipality_of
8. Dimasacat, A. C. B., & Cacho, R. M. (2021). Danas at persepsyon ng mga mag-aaral sa face-to-face at online learning: Isang integratibong rebyu. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(13), 77-96. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.a059>
9. Eryilmaz, M. (2015). The Effectiveness of Blended Learning Environments. *Contemporary Issues in Education Research (CIER)*, 8(4), 251–256. <https://doi.org/10.19030/cier.v8i4.9433>
10. Marshall, C. and Rossman, G.B. (1999) *Designing Qualitative Research*. 3rd Edition, International Educational and Professional Publisher, California, 35. Marshall, C. and Rossman, G.B. (1999) *Designing Qualitative Research*. 3rd Edition, International Educational and Professional Publisher, California, 35. - References - Scientific Research Publishing (scirp.org)
11. Mortuno, P., & Setiadi, G. (2020, November). *Effectiveness of Blended Learning to Improve Critical Thinking Skills and Student Science Learning Outcomes*. Iop.Science. <https://iopscience.iop.org/article/10.1088/1742-6596/1823/1/012095/pdf>
12. Oliver, Wehby et, al (2009) Using Teacher Praise and Opportunities to Respond to Promote Appropriate Student Behavior, *Preventing School Failure: Alternative Education for Children and Youth*, 54:3, 172-178, DOI: 10.1080/10459880903493179
13. Saritepeci, M., & Cakir, H. (2015, February). *The Effect of Blended Learning Environments on Student Motivation and Student Engagement: A Study on Social Studies Course*. Researchgate. https://www.researchgate.net/publication/276345062_The_Effect_of_Blended_Learning_Environments_on_Student_Motivation_and_Student_Engagement_A_Study_on_Social_Studies_Course
14. Sharna, K., & Sharna, K. (2023). Role of Internet in Education | Online Education. <https://www.theasianschool.net/blog/role-of-internet-in-education/#:~:text=Learning%20with%20Multimedia,resources%20online%20through%20the%20Internet.>
15. Siddiquah, A., & Salim, Z. (2017). The ICT Facilities, Skills, Usage, and the Problems Faced by the Students of Higher Education. *Eurasia Journal of Mathematics, Science and Technology Education*, 13(8), 4987-4994. <https://doi.org/10.12973/eurasia.2017.00977a>
16. Susanti, A., Rhama, D., Satiarti, R. B., & Dwi, F. (2021, March 25). *Modelo ng Blended Learning: Ang epekto sa mga kasanayan sa paglutas ng problema sa pisika na tinitingnan mula sa sariling bisa*. Proquest. <https://www.proquest.com/docview/2512309290>
17. Turpin, C. (2018). *Blended Learning and Its Effect On Student Achievement: An Action Research Study*. (Doctoral dissertation). Retrieved from <https://scholarcommons.sc.edu/etd/5104>
18. Zeqiri, J., Kareva, V., Alija, S. (2021), “Blended Learning and Student Satisfaction: The Moderating Effect of Student Performance”, Vol. 12, No. 2, pp. 79- 94.
19. Fitriati, R. (2013). *A Study on Time Management and Punctuality Issues among Students at Secondary School, Kedah*. <https://www.semanticscholar.org/paper/A-Study-on-Time-Management-and-Punctuality-Issues-Fitriati-Rustanto/9ec39e7ecc6658156296bcdac39f83f7d0c37f3f>

Appendix A

Gabay na Katanungan sa Panayam

Bago magsimula ang panayam, ipauunawa sa kalahok ang mga sumusunod:

1. Ang gagawing panayam ay gagawin sa pamamagitan ng *voice recorder*.
2. Ang identidad ng mga kalahok ay mananatiling kumpidensyal sa buong panahon ng pag-aaral.
3. Ang mga kalahok ay maari o may karapatang huminto sa panayam anumang oras.

Edad: _____

Taon: _____

Kasarian: _____

A. Opening Question

1. Ano ang iyong karanasan sa blended learning?
2. Paano mo mailalarawan ang iyong karanasan sa blended learning?

B. Core Question

1. Ano ang mga pagsubok na iyong nararanasan sa blended learning?
2. Ano ang epekto nito sa iyong pag-aaral?

C. Closing

1. Paano mo natugunan ang mga pagsubok na iyong nararanasan sa blended learning?

Appendix B

TRANSKRIPSYON NG PANAYAM

A. Opening Question

1. Ano ang iyong karanasan sa blended learning?

Ang aking karanasan sa blended learning ay nahihirapan ako kasi malayo ang aming bahay sa city at mahirap ang signal kaya kapag may klase ay nahihirapan talaga akong mag-connect at makapasok sa online class. (P1)

Ang aking karanasan sa blended learning ay mahirap. (P2)

Ako ay mula sa kolehiyo ng Edukasyon Major in Filipino. Ang naging karanasan ko sa blended learning ay mahirap pero kinakaya. (P3)

Ako ay nasa ikatlong taong mag-aaral ng edukasyon major in Social Studies. Base sa aking nararanasan ang pagpapatupad ng blended learning sa sistema ng edukasyon ay nakakapanibago ngunit ang aking *mindset* ay hindi ako nagpahuli sa panahon at oras. Ang konsepto ko dito ay parang *go with the flow* lang. (P4)

Ang aking karanasan sa blended learning ay ang pagkakaroon ng mahinang internet at yun lang. (P5)

Ang aking karanasan sa blended learning ay una bumabyahe ako mula Oroquita hanggang Ozamiz kada lingo dahil ako ay nakatira malayo sa Ozamiz. Bumabyahe ako kada lingo at nagko-commute. Ikalawa ay mas nakakasalamuha ko ang aking mga kaklase at mga guro. Mas napapadali ko ang *access* kapag may mga katanungan o klaripikasyon ako sa mga guro at mas natutunan ko ang pagkatuto ay epektibo kapag may *face-to-face* na skeydyul sa klase. Panghuli ay nararanasan ko ang masaksihan ang mga *extra-curricular* na gawain katulad ng Intrams, Christmas Party, chorale at iba pa kaya parang binubuhay ang kung ano talagang meron sa kolehiyo. (P6)

Ang karanasan ko sa blended learning ay hindi madali medyo mahirap siya sa kadahilanang gumagamit ako nang teknolohiya ganun paman ay nairaos ko pa rin. (P7)

Ang aking karanasan sa blended learning ay maganda naman ito at may matutunan ka talaga mapa face to face man o online class may mga pagkakataon talaga na mahirap pero okay naman ito at nakaya din naman lalo na sa online class kapag wala kang internet or mahina yung signal mo at hindi ka nakapasok yan lang ang hindi ko gusto sa online class. (P8)

Ang aking karanasan sa blended learning ay hindi ko masasabing masaya ngunit okay naman. (P9)

Ang aking karanasan po sa blended learning ay mahirap po dahil paminsan – minsan ay wala pong internet sa aming bahay at wala pong kuryenti at kong minsan po kong walang kuryente ay hindi po talaga ako nakakapasok sa aming klase dahil wala pong data connection sa aming lugar. (P10)

Ang aking karanasan sa blended learning ay mahirap siya dahil may pagkakataon na mahina ang signal at kadalasan din malayo ang bahay namin. (P11)

Ang karanasan ko po sa blended learning ay mahirap siya at may pagkakataon na walang internet tapos bumabyahe pa papuntang paaralan. (P12)

2. Paano mo mailalarawan ang iyong karanasan sa blended learning?

Mailalarawan ko ang aking karanasan sa blended learning na napakahirap kasi sa aking katayuan na meron na akong sariling pamilya, siyempre kumpara sa mga bagong, bagong kabataan ngayon, iba talaga ang aming karanasan kumpara sa iba meron na kaming sariling pamilya sa aming time management ganun. (P1)

Mailalarawan ko na mahirap kasi bilang isang studyante na sanay na sanay na ang mga mag-aaral na may guro at may nagagabay. Ngayon mahirap kasi walang gumagabay sa atin kung paano gawin ang isang bagay. (P2)

Tulad nga ng sinabi ko mahirap pero nakakaya naman dahil iniisip ko malalampasan din ito at makasayanan. (P3)

Siguro ano hindi gaanong epektibo lalo na sa pagkakatuto dahil marami sa mga mag-aaral, marami talaga sa mga mag-aaral ang nahihirapan hindi lamang ako dahil sa iba't ibang salik ng problema at marami pa. Para sa akin, kung talagang gusto mong matuto kahit ano pa man ang sistema ng pagtuturo ay dapat talaga tayong matuto. (P4)

Mailalarawan ko ito sa pamamagitan ng mahirap, hindi madali kasi ano kanang magkakaroon ako ng absent pag mag attendance o di ko maiintindihan ang mga natalakay sa araw na yan. (P5)

Mailalarawan ko ang aking karanasan sa blended learning ay naging mas masaya ito, mahamon at hindi makakalimutan. Masaya dahil hindi lang ako sa bahay ngunit kasama ko din ngayon ang aking mga kaklaseng maranasan ang iba't-ibang bagay. Kasama ko ang aking mga kklase at mga taong nasa paligid ko kaya masaya dahil maraming hamon ngunit dahil hindi nga ako nag-iisa ay nakakaya ko lahat. Nakaka-excite dahil nagagawa namin ang ibang gawain, nakakapunta sa iba't-ibang pangyayari at extra-curricular na gawain. Memorable dahil nga sa maraming mararanasan ay ma's mas maraming alaala ang malilikha sa blended learning. (P6)

Mailalarawan ko ang aking karanasan sa blended learning na isang mapaghamon. (P7)

Mailalarawan ko ang aking karanasan sa blended learning bilang isang punong kahigdasig kahit anong pagsubok mang dumating mahirap man o hindi ay makakaya parin at mananatili pa ding nakatangi. (P8)

Maraming pagsubok akong naranasan sa aking blended learning katulad ng hindi pagkakaroon ng maayos na kagamitan sa pag online class. (P9)

Nailalarawan ko po ito bilang sabi ko nga po kanina ito po ay mahirap dahil yun po walang kuryente minsan at hindi po ako nakakapagdata sa aming lugar. (10)

Mailalarawan ko po ito na mahirap dahil may pagkakataon na umuulan at kailangan pang umuwi. (P11)

Gaya nga ng sabi ko sa unang sagot mahirap talaga siya halimbawa wala kang pamasahap papunta dito tapos mahina pa ang internet. (P12)

B. Core Questions

1. Ano ang mga pagsubok na iyong naranasan sa blended learning?

Ang mga pagsubok ko sa blended learning ay kung paano hahatiin ang aking oras sa aking pamilya at saka sa aking pag-aaral. (P1)

Wala akong laptop at sira ang aking cellphone para makapasok sa klase kaya nahihirapan talaga akong makipag-ugnayan sa lahat. (P2)

Ang mga pagsubok na aking naranasan ay internet at walang kuryente. Hindi talaga maiiwasan lalo na online, naapektuhan talaga ang talakayan dahil minsan mawawala ka at di mo na ma susubaybayan ang talakayan. (P3)

Pangkaraniwan iyan. Gaya nga ng sinabi ko may iba-ibang salik una sa aking naranasan yung nawawala ang signal, pangalawa ay pangkapaligirang salik gaya ng kaingayan diba gaya ng mga motor na dumadaan at iba pa. (P4)

Wala ako masyadong ginagamit na pang klase. Lag ang aking cellphone at ang aking laptop ay medyo luma na at hindi ako agad makabili dahil wala kaming pangbili nito. (P5)

Syempre mahirap talaga minsan nanghhihiram nalang ako sa nanay o kapatid ko ng cellphone para lang makapasok sa klase dahil sobrang hirap at hindi madali. Umiiyak nalang ako dahil hindi makasagot at hindi nakakapag-pass ng mga takdang-aralin. (P6)

Ako ngayon ay nagboboard kaya isa sa mga hamon na aking naranasan sa blended learning ay kapag may iskedyul ng face to face ay nananatili ako sa boarding house. Isang malaking adjustment ito at hamon ito sa akin dahil sa sanay akong manatili na lamang bahay pero ngayon na nasa kolehiyo na ako ay dapat na akong maging responsable sa aking sarili, sa aking mga gamit at sa pag-ayos ng aking oras. Isa pang hamon ay katulad nga ng pamamahala sa oras dahil nga may face to face na klase ay mas napapadami ang ipapasang mga requirements tulad ng takdang aralin. Kaya kailangan ko talagang I disiplinang ang aking sarili sa pag-aayos ng aking oras. Isa pang hamon ay kung paano ako nag-a-adjust sa face to face at online dahil sa ito ay blended so dapat maraming oras sa pag-adjust. (P7)

Ang mga pagsubok na aking naranasan sa blended learning ay walang maayos na pwesto, minsan minsang paghina ng signal. (P8)

Hindi ko gaanong matutuhan ang lahat ng kanilang mga aralin na itinuturo lalo na't nagkakasabay – sabay ang pagbibigay ng iba't ibang gawain sa kanilang mga aralin, hindi ko tuloy nakayanan na makahabol pa sa mga paksang tinalakay (P9)

Ang pagsubok na aking naranasan sa blended learning po ay minsan naging absent ako sa klase o di kaya'y late dahil hindi po ako makapasok on time kapag walang internet koneksyon (10)

Minsan ako ay tumutulong sa gawaing bahay dahil ang mga magulang ko ay busy sa paghahanap – buhay matustusan lamang ang aming pangangailangan, at dahil dito mas pinipili kong lumiban muna sa klase para makatulong sa mga gawaing bahay. (P11)

Bilang isang part – time student ay naghahap – buhay ako upang matustusan ang aking pag – aaral at pangangailagan sa buhay. Wala na akong mga magulang na sumuporta kaya gumagawa ako ng paraan upang makapagtapos ng pag – aaral, at dahil nga sa ako ay part – time student ay may pagkakataon na hindi ako papasok sapagkat napapagod ako sa pagtratabaho kaya may pagkakataon na nahirapan ako sa paghabol ng mga aralin (P12)

2. Ano ang epekto nito sa iyong pag-aaral?

Ang naging epekto nito sa aking pag-aaral ay minsan hindi ako makakapasok kasi sa internet connection sa akin ding personal na buhay sa aking pamilya kasi minsan meron akong anak so minsan mauuna ko muna yong mga anak ko kasi nag-aaral din siya at saka inaano ko nalang muna yung pag-aaral ko na hindi muna ako papasok kasi wala ring signal at saka meron pa akong anak na inaalagaan ganun. (P1)

Ang epekto nito sa aking pag-aaral hindi naman sa lahat ng subject bumababa ang marka. (P2)

Ang naging epekto nito minsan nakakawala ng gana at mahina pa ang internet at palipat-lipat ka pa kung saan malakas ang internet para lang makapasok. (P3)

Ito ay minsan nakakagambala sa aking pagkatuto lalo na kapag magreport ka may reporting tapos maingay ang paligid tapos walang signal so maaapektuhan talaga ang oras ng pagkatuto. Malaki ang epekto nito sa isang studyante, ganyan din ang aking naramdaman. (P4)

Ang epekto nito sa aking pag-aaral ay nahihirapan ako sa pagpapasok kada online class at hindi ako masyadong nakapag cooperate kasi nag cha-choppy or naglalag ang connection sa amin. (P5)

Ang epekto ng mga hamong ito ay dapat na maging mas responsable ako at sa paggawa nito ay naging matagumpay at bumagsak ako. Nakaranas ako ng kabagsakan dahil ako ay nag-aadjust pa lalo na sa pagboard at paggastos ng aking pera. May mga positibong epekto ito sa akin, nararanasan kong humarap sa mga hamon kasama sa paaralan kasama ang aking mga kaklase kaya hindi na ako nag-iisa na mag-adjust sa face-to-face at online class dahil nga sa blended ay nahihirapan ako dahil kailangan kong umuwi at bumalik tapos uwi at balik naman. Nakakapagod sa katawan ngunit sa tingin ko ay makakasanayan ko rin ito. (P6)

Ang naging epekto sa aking pag – aaral ay hindi kaagad makapag sagot. (P7)

Ang epekto nito sa aking pag – aaral ay mapabuti at may matutunan ka talaga. (P8)

Naapektuhan nito ang aking pagbibigay todo sa aking pag – aaral hindi ako, hindi ko na naibigay ang aking the best dahil nag aadjust pa ako. (P9)

Malaki po ang epekto nito sa aking pag – aaral dahil minsan po ay wala akong mga dagdag na puntos kapag present hindi katulad ng iba kong kaklase na palaging present. (P10)

May pagkakataon na maiwan ka sa online class kapag nagbrown out tapos hindi pa sumasang ayon ang panahon sa signal. (P11)

Ang epekto nito ay yong maiwan ka sa klase. (P12)

C. Closing

1. Paano mo natugunan ang mga pagsubok na iyong nararanasan sa blended learning?

Natugunan ko ang mga pagsubok na aking nararanasan sa blended learning sa pamamagitan ng aking mga hangarin na gusto kong makatapos kaya pinagbuti ko ang aking pag-aaral kahit minsan hindi ako makapasok pero ginagawa ko ang aking mga tungkulin ang aking mga assignments. Ginagawan ko ng paraan para maipasa ko talaga at hindi ako mahuhuli sa klase. (P1)

Para sa akin, natugunan ko ito sa pamamagitan ng pag-aaral nang mabuti para tumaas ulit ang aking marka. (P2)

Natutugunan ko ang mga pagsubok na aking nararanasan sa pamamagitan ng paniniwala na talagang mas masosolusyunan ito sa tulong ng Panginoon at paniniwala na makakaya rin ito. (P3)

Para sa akin ay naghahanap talaga ako ng paraan dahil mahuhuli naman sa klase kung hindi naghanap ng paraan kaya pupunta ka sa lugar kung saan malakas talaga ang iyong signal tapos para rin makapag-report ka. Halimbawa nalang ay makasagot ka sa mga tanong at talagang maintindihan kung ano ang ipinapahiwatig ng paksang tinalakay ng guro kaya yun lang. (P4)

Natugunan koi to sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga kaklase ko kung ano ang natalakay tapos may mga recording naman don ako nakikinig at bumabawi. (P5)

Sa tingin ko hinarap ko ang mga hamon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng disiplina, disiplina sa aking sarili, pagiging mas responsable at pagkakaroon ng tamang pamamahala sa oras at pera. (P6)

Natugunan ko ito sa pamamagitan nang pagtatanong ko sa ibang kaklase ko. (P7)

Natutugunan ko ito sa tuwing iniintindi ko ito. (P8)

Natugunan ko ito sa pamamagitan ng paghingi ng tulong sa aking magulang, kaklase at mga guro. (P9)

Natugunan ko po ang mga pagsubok na aking nararanasan sa blended learning ahmm sa pamamagitan po ng paghingi ng tulong sa aking mga kaklase, pupunta sa ibang bahay para maki connect ng wifi yun lang po. (P10)

Sa tulong ng mga mababait kong kaklase. (P11)

Yung magtatanong ka sa kaklase mo tungkol sa mga takdang aralin, mga talakayan na iyong naiwan. (P12)

Appendix C

MISAMIS UNIVERSITY
Ozamiz City
College of Education

INFORMED CONSENT FORM

Nagboluntaryo akong lumahok sa pananaliksik na isinasagawa nina Angel F. Montecino at Mique I. Coca mula sa Misamis University College of Education. Nauunawaan ko na ang pananaliksik ay idinisenyo upang makalikom ng impormasyon tungkol sa **Mga Hamon ng mga Mag-aaral sa Blended Learning**. Magiging isa ako sa mga sasagot sa panayam ng pananaliksik na isinagawa sa pamantasan.

- 1) Kusang loob ang aking pakikilahok sa pananaliksik na ito. Naiintindihan ko na hindi ako babayaran para sa aking paglahok. Maaari kong bawiin at ihinto ang pakikilahok anumang oras nang walang multa. Kung tatangi akong lumahok o umalis mula sa pag-aaral na ito, walang akong ibang pagsasabihan nito.
- 1) Ang pananaliksik na ito ay kinapapalooban ng aking pakikilahok. Nauunawaan ko na ang karamihan sa mga pahayag sa panayam ay kawili-wili at nakakapukaw ng isipan. Gayunpaman, kung pakiramdam ko ay hindi ako komportable sa anumang paraan habang sinasagutan ang katanungan, may karapatan akong tanggihan ang aking pakikilahok.
- 2) Ang pagsagot sa panayam ay tatagal ng halos 5-10 minuto. Nauunawaan ko na ang impormasyong makakalap ay ituturing na pribado. Hindi makikilala ang aking pagkakakilanlan. Tanging ang mga mananaliksik at ang kanilang tagapayo ang magkakaroon ng pahintulot sa pagsuri ng mga datos sa pananaliksik.
- 3) Nauunawaan ko na ang pananaliksik na ito ay nasuri at naaprubahan ng College of Education sa Pamantasan ng Misamis.
- 4) Nabasa ko at naintindihan ko ang paliwanag na ibinigay sa akin. Nasagot ang lahat ng aking mga katanungan na siyang nilulugdan ko, at kusang-loob akong sumang-ayon na makilahok sa pag-aaral na ito.
- 5) Binigyan ako ng kopya sa papel pahintulot ito.

Lagda ng Kalahok

Petsa

ANGEL F. MONTECINO
Researcher

MIQUE I. COCA
Researcher

Appendix D

LETTER OF REQUEST

Enero 18, 2023

DR. GENELYN R. BALUYOS
Dean, College of Education
Misamis University
Ozamiz City

Kagalang-galang na Dr. Baluyos:

Kami ay mga mag-aaral ng Bachelor of Secondary Education Major in Filipino sa Misamis University, Lungsod ng Misamis. Sa kasalukuyan, kami ay nagsasagawa ng pananaliksik na pinamagatang, "**Mga Hamon ng mga Mag-aaral sa Blended Learning**".

Kaugnay po nito, nais po naming hingin ang inyong pahintulot na maisagawa ang nasabing pag-aaral. Ang aming mga kalahok ay labingdalawang mag-aaral mula sa kursong BEED at BSED na nag-aaral sa Pamantasan ng Misamis sa taong panuruan 2022-2023. Ang gabay na katanungan na aming ginawa ay gagamitin sa paglilikom ng mga datos. Sinisigurado namin na iingat at pananatilihin pribado ang sagot ng mga kalahok sa pananaliksik na ito.

Dalangin po naming ang inyong paghintulot na maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Lubos na gumagalang,

ANGEL F. MONTECINO

MIQUE C. COCA

Inaprobahan ni:

DR. GENELYN R. BALUYOS, EdD
Dean, College of Education

CURRICULUM VITAE

PERSONAL DATA

Name:	Angel F. Montecino
Date of Birth:	July 1, 2001
Place of Birth:	Baroy, Lanao del Norte
Address:	P-3 Poblacion, Baroy, Lanao del Norte, 9210
Status:	Single
Citizenship:	Filipino
Religion:	Roman Catholic



EDUCATION

Tertiary:	Bachelor in Secondary Education Major in Filipino Misamis University H.T. Feliciano St., Ozamiz City, Misamis Occidental
Senior High School:	Humanities and Social Sciences Lanao Norte National Comprehensive High School Sto. Niño Village, Baroy Lanao del Norte April 2020
Junior High School:	Lala National High School Maranding, Lala, Lanao del Norte April 2018
Elementary:	Abaga Central Elementary School Abaga, Lala, Lanao del Norte March 2014

CURRICULUM VITAE

PERSONAL DATA

Name: Mique Idulsa Coca
Date of Birth: April 08, 2002
Place of Birth: Happy Valley, Tambulig Zamboanga Del Sur
Address: P-2, Cogon Ozamiz City, 7200
Status: Single
Citizenship: Filipino
Religion: Roman Catholic



EDUCATION

Tertiary: Bachelor in Secondary Education Major in Filipino
Misamis University
H.T. Feliciano St., Ozamiz City, Misamis Occidental

Senior High School: General Academic Strand
Misamis University
H.T. Feliciano St., Ozamiz City, Misamis Occidental
April 2020

Junior High School: Cogon Integrated School
Cogon Ozamis City, Misamis Occidental
April 2018

Elementary: Cogon Integrated School
Cogon Ozamis City, Misamis Occidental
March 2014